ABRIL 2023

CALIFORNIA MORTGAGE RELIEF

# TOOLKIT NG PROGRAMA

**CaMortgageRelief.org**

**1-888-840-2594**

**info@camortgagerelief.org**

Ang California Mortgage Relief Program ay pinangangasiwaan ng California Housing Finance Agency sa pamamagitan ng natatanging layunin nitong kaakibat, CalHRC.

CALIFORNIA MORTGAGE RELIEF

# PANGKALAHATANG PANANAW NG PROGRAMAMA

Ang California Mortgage Relief Program ay tumutulong sa mga may-ari ng bahay na nahaharap sa may kaugnayan sa COVID-19 na paghihirap sa pananalapi na makahabol sa mga nakalipas na bayarin sa mortgage, reverse mortgage, at mga bayarin sa buwis sa ari-arian, at tumutulong sa pagbawas o pagtanggal ng mga bahagyang paghahabol o napagpalibang utang.

Ang California Mortgage Relief Program ay pinalawak kamakailan upang tumanggap ng mas marami pang may-ari ng bahay na mag-apply ng tulong:

- Ang mga may-ari ng bahay na nakaligtaan ang di bababa sa dalawang bayarin sa mortgage O isa man lang na bayarin sa buwis sa ari-arian bago ang March 1, 2023;
- Ang mga taga Californiang may-ari o sumasakop ng ari-ariang hanggang apat na units (dapat ito ay pangunahing tirahan at may-ari lang ng isang ari-arian);
- Ang mga may-ari ng bahay na nakatanggap ng mga bahagyang paghahabol o napagpalibang utang noon o matapos ang Enero 2020; at
- mga taga Californiang dati nang nakatanggap ng pondo sa pamamagitan ng programa ay maaaring karapat-dapat sa dagdag na tulong nang hanggang sa kabuuang $80,000

Ang programa ay lubos na libre at ang mga pondo ay di kailangang bayarang pabalik. Ang mga may-ari ng bahay ay maaaring tingnan ang kanilang  pagiging karapat-dapat na mag-apply sa pamamagitan ng online portal sa CaMortgageRelief.org. Ang mga tulong sa aplikasyon ay makukuha sa pamamagitan ng aming Contact Center sa 1-888-840-2594, Lunes hanggang Biyernes mula ika-8 nang umaga hanggang ika-6 nang gabi PST.

Ang toolkit ay naglalaman:

- Pangkalahatang pananaw sa Programa
- FAQs Mga
- One Pager ng Programa
- Mga Web Button
- Mga Halimbawang Social Media Post



Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan acy ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Fund ay pinatatakbo ng CalHFA Homeowner Relief Corporation.

Abril 2023

# FAQs

*Ang FAQs sa ibaba ay nabago para maibigay ang mga pagbabago sa Programa. Mangyaring tumungo sa **California Mortgage Relief Program website** para sa buong listahan ng FAQs.*

## Bakit mahalaga ang programa?

Ang California Mortgage Relief Program ay tumutulong sa mga libong mga may-ari ng bahay sa California na makabalik sa dating kalagayan sa pamamagitan ng pag-aalok ng pananalaping tulong sa mga karapat-dapat na mga may-ari ng bahay na hind kailangan bayaran pabalik. Ang ibig sabihin nito, ang mga may-ari ng bahay na nahuhuli sa kanilang bayarin sa mortgage o buwis sa ari-arian o na may mga bahagyang paghahabol / napagpalibang utang dahil sa may kaugnayan sa pandemyang paghihirap sa pananalapi na makapagsimulang muli. Ang mga may-ari ng bahay na napagtibay sa mga grant ay dapat makipag-usap sa isang tax professional tungkol sa anumang epekto nito sa kanilang mga buwis sa kita.

## Gaano kalaking tulong ang makukuha ko?

Para sa mga may-ari ng bahay na may mortgage o reverse mortgage, sinasaklaw ng pagpopondo ang buong nakalampas sa panahong halagang dapat bayaran sa kanilang tagapagpahiram, hanggang sa pinakamataas na halagang $80,000 bawat sambahayan. Ang mga may-ari ng bahay na nakapagpabaya nang higit sa $80,000 sa oras na iharap nila ang kanilang aplikasyon ay hindi magiging karapat-dapat para sa tulong.

Para sa mga may-ari ng bahay na direktang nagbabayad ng kanilang mga buwis sa ari-arian sa kanilang county, ang mga gawad ay magpopondo sa nakalampas na bayaring utang sa mga tagapaningil ng buwis ng kanilang county nang hanggang $80,000 bawat sambahayan.

Ang tulong na ibinigay sa pamamagitan ng California Mortgage Relief Program ay hindi isang pautang at hindi kailangang bayaran. Ang mga may-ari ng bahay na tumatanggap ng mga minsanang gawad na ito ay dapat makipag-usap sa isang propesyonal sa buwis tungkol sa anumang kalalabasan nito sa kanilang mga buwis sa kita.



Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan acy ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Fund ay pinatatakbo ng CalHFA Homeowner Relief Corporation.

*Abril 2023*

# FAQs

## Kung ako ay nakatanggap na tulong mula sa ibang programa, maaari ba akong mag-reapply para sa dagdag na pondo?

Ang mga karapat-dapat na mga may-ari ng bahay ay maaaring mag-apply nang maramihang beses para sa mga pagpipiliang tulong at makatanggap nang hanggang $80,000 na pondo, kahit na sila ay nakatanggap na ng grant mula sa California Mortgage Relief Program. Sa oras na ang karapat-dapat na may-ari ng bahay ay nakatanggap na $80,000 sa kabuuang tulong, sila ay naabot na ang hanganan ng tulong ng programa. Kailangan mong matugunan ang lahat ng mga iba pang pangangailangan sa pagiging karapat-dapat sa oras ng paghaharap ng bagong aplikasyon.

## Kung ako ay nakapag-apply na o nangangailangan ng tulong sa higit sa isang larangan (i.e., kaluwagan sa mortgage at buwis sa ari-aran, o kaluwagan sa mortgage at bahagyang paghahabol/napagpalibang utang, anong uri ng tulong ang dapat kong piliin sa Application Questionnaire?

Ang mga karapat-dapat na mga may-ari ng bahay ay pinapahintulutan ng ngayong makatanggap ng maramihang gawad na hanggang $80,000 sa kabuuang tulong. Kung ang may-ari ng bahay ay nais na mag-apply ng tulong sa mahigit sa isang lugar, maaari nilang piliin ang lahat nang maaari sa Application Questionnaire.

## Maaari pa ba akong mag-apply kung ako ay may active application?

Sa pagpapalawak ng programa, ang mga may-ari ng bahay na dati nang nag-apply sa programa ay maaring mag-reapply para sa karagdagang tulong. Ngunit, ang mga aplikante ay maaaring magkaroon lang ng isang aplikasyon sa panahon ng pagsusuri. Kung ang unang aplikasyon ay napagtibay, natanggihan o kinansela, at ikaw ay nahuli uli sa pagbabayad o may iba pang pagbabago sa katayuan, maari kang mag-reapply. Anumang mga karagdagang aplikasyon ay hindi ipoproseso kung ang iyong unang aplikasyon ay nasa proseso pa ng pagsusuri.



Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan acy ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Fund ay pinatatakbo ng CalHFA Homeowner Relief Corporation.

Abril 2023

CALIFORNIA MORTGAGE RELIEF

# FAQs

## Sino ang kwalipikado?

Mayroon man silang mortgage, reverse mortgage, o walang mortgage, bukas ang programa sa lahat ng mga may-ari ng bahay sa California na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat. Maaaring maging karapat-dapat ang mga may-ari ng bahay kung sila ay:
- Nakaligtaan ang hindi bababa sa dalawang pagbabayad ng mortgage at kasalukuyang lampas na sa takdang panahon; o
- May utang para sa mga hindi nabayarang buwis sa ari-arian (direkta man itong binayaran sa iyong county o bilang bahagi ng iyong pagbabayad sa mortgage); o
- Mayroong reverse mortgage at may utang sa iyong naglilingkod para sa lampas sa panahong bayarin sa buwis sa ari-arian at/o insurance ng may-ari ng bahay
- May isang bahagyang paghahabol o napagpalibang utang.

Dapat matugunan ng lahat ng mga aplikante ang mga sumusunod na kinakailangan:
- Ang kita ng sambahayan ay nasa o mas mababa sa limitasyon ng kita ng county (150% ng Area Median Income ng kanilang county, batay sa mga pederal na limitasyon na itinakda para sa programang ito);
- Nagma may-ari at nakatira sa isang bahay na pang-isang pamilya, condo, o pangmatagalang nakakabit na ginawang bahay o ari-ariang hanggang apat na unit; at
- Nakaranas ng paghihirap sa pananalapi na nauugnay sa pandemya pagkatapos ng Enero 21, 2020 - alinman sa pagkawala ng kita o pagtaas sa mga gastusin sa bahay

Karagdagang pangangailangan ay kailangang matugunan ayon sa uri ng tulong na kailangan. Ang mga karagdagang kaalaman sa mga pangangailangan sa pagiging karapat-dapat ay makikita sa pahinang Who is Eligible(hyperlink). Para sa mga tanong pa tungkol sa pagiging karapat-dapat, ang Contact Center ay matatawagan Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8 AM and 6PM PST.




Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan acy ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Fund ay pinatatakbo ng CalHFA Homeowner Relief Corporation.


Abril 2023

# FAQs

## Ang aking aplikasyon ay tinanggihan. Mayroon bang proseso ng pag-apela? Maaari ba akong mag-aplay muli?

Kung an inyong aplikasyon para sa tulong ay tinanggihan, meron kayong hanggang tatlumpung araw matapos ang pagtanggi na magharap ng apila sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan sa Application Intake Portal. Ang mga katanungan ang magsasabi kung kayo ay dapat magpatuloy sa inyong apila. Kapag naghaharap ng apila, mangayring isama ang anumang mga dokumentong tutulong sa inyong apila.

Kapag naibigay niyo na ang inyong apila, ito ay susuriin, at kayo ay sasabihan kung kailangan ng dagdag na kaalaman o kung may kapasyahan na tungkol sa inyong apila.

Kung kayo ay may mga tanong tungkol sa mga dahilan sa inyong pagkatanggi na kailangan niyong mabigyan ng sagot bago kayo magpasya kung kayo ay mag-aapila, mangyaring tumawag sa Contact Center sa 1-888-840-2594.



Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan acy ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Fund ay pinatatakbo ng CalHFA Homeowner Relief Corporation.

Abril 2023

CALIFORNIA MORTGAGE RELIEF

# FAQs

## Anong impormasyon ang kailangang ibigay ng isang aplikante?

Kasama sa isang halimbawa na listahan ng mga dokumentong dapat ipunin bago kumpletuhin ang aplikasyon ay:

- Kasulatan ng utang sa pabahay
- Kasulatan ng mga salapi sa bangko
- Bayarang yutilidad
- Dokumentasyon ng kita (hal., tiketa ng suweldo, dokumento sa pagbayad ng buwis, o dokumento ng kawalan ng trabaho

Depende sa kanilang natatanging mga kalagayan, ang ilang mga aplikante at kailangang magbigay din ng iba't ibang uri ng impormasyon. Depende sa kanilang natatanging mga kalagayan, ang ilang mga aplikante at kailangang magbigay din ng iba't ibang uri ng impormasyon.

## Saan ako makakakuha ng mas malalimang tulong sa pagsagot sa aking aplikasyon?

Para sa mga tanong tungkol sa inyong aplikasyon, o mga tanong tungkol sa programa, makakakuha ang tulong sa pamamagitan ng Contact Center ng programa sa 1-888-840-2594 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8AM and 6PM PST.

Pahina ng mga Samahang Community-based. Para malaman kung merong tulong na lokal na malapit sa iyo, tumungo sa pahina ng Community Based Organizations. Para sa tulong na magpasya kung ang programang ito ang pinakamagandang pliin para sa inyong kalagayan sa pabahay, makipag-ugnayan sa isang HUD-Certified Housing Counselor.

O

Ang libreng pambatas ng tulong para sa mga may-ari ng bahay, kabilang na ang pag-iwas sa pagkaremata at tulong sa aplikasyon sa California Mortgage Relief Program, ay makaukuha sa pamamagitan ng mga samahang nakatala sa pahina ng Tulong Pambatas o Legal Assistance page.



Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan acy ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Fund ay pinatatakbo ng CalHFA Homeowner Relief Corporation.

Abril 2023

CALIFORNIA
MORTGAGE
RELIEF

# MABISANG GUMAGANA ANG CALIFORNIA MORTGAGE RELIEF AT MAY TULONG PARA SA MGA MAY-ARI NG BAHAY.

| | |
|---|---|
| **KALUWAGAN SA MORTGAGE**<br>Hanggang $80,000 para sa nakalampas na mga bayarin sa mortgage | **MGA BUWIS SA ARI-ARIAN**<br>Hanggang $80,000 para sa mga pabayang buwis sa ari-arian |
| **BAHAGYANG PAGHAHABOL/PAGPALIBAN NG UTANG**<br>Hanggang $80,000 para mabawasan o matanggal ang bahagyang paghahabol o napagpalibang utang na tinanggap noon o matapos ang Enero 2020 | **REVERSE MORTGAGE**<br>Hanggang $80,000 upang makatulongsa nahuhuling buwis at insurance ng mga may-ari ng bahay sa mga reverse mortgage |

**Ang mga kwalipikadong aplikante ay maaaring mag-apply sa karagdagang pondo; pinakamataas na $80,000 sa kabuuang tulong sa bawat karapat-dapat na sambahayan.*

Ang California Mortage Reief Program ay napaglaan na ng milyones na dolyar na tulong sa libong mga may-ari ng ng bahay sa California na nagdurusa sa pananalaping paghihirap.

Ang programang pampamahalaan ay libre at nandito para tumulong.

**Walang kailangang bayaran pabalik.**

**MAG-APPLY NGAYON ONLINE SA**
**CaMortgageRelief.org**

**TUMAWAG PARA SA MGA KATANUNGAN**
**1-888-840-2594**
**LUNES-BIYERNES IKA 8 A.M. - IKA 6 P.M.**

## MGA KAILANGAN PARA MAGING KARAPAT-DAPAT

Alamiin pa ang dagdag na tuntunin sa pagiging karapat-dapat sa CaMortgageRelief.org/who-is-eligible.

Nahaharap sa pananalaping paghihirap kaugnay sa pandemya

Tugunin ang mga pangangailan sa Area Median Income (AMI)

Mag may-ari at tumira sa isang bahay, nang hanggang apat na mga unit sa ari-arian

Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan Act ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Program ay pinatatakbo ng CalHFA. Homeowner Relief

CALIFORNIA MORTGAGE RELIEF

# MABISANG GUMAGANA ANG CALIFORNIA MORTGAGE RELIEF AT MAY TULONG PARA SA MGA MAY-ARI NG BAHAY.

| KALUWAGAN SA MORTGAGE | MGA BUWIS SA ARI-ARIAN | BAHAGYANG PAGHAHABOL/ PAGPALIBAN NG UTANG | REVERSE MORTGAGE |
|---|---|---|---|
| Hanggang $80,000 para sa nakalampas na mga bayarin sa mortgage | Hanggang $80,000 para sa mga pabayang buwis sa ari-arian | Hanggang $80,000 para mabawasan o matanggal ang bahagyang paghahabol o napagpalibang utang na tinanggap noon o matapos ang Enero 2020 | Hanggang $80,000 upang makatulongsa nahuhuling buwis at insurance ng mga may-ari ng bahay sa mga reverse mortgage |

*Ang mga kwalipikadong aplikante ay maaaring mag-apply sa karagdagang pondo; pinakamataas na $80,000 sa kabuuang tulong sa bawat karapat-dapat na sambahayan.

## MGA KAILANGAN PARA MAGING KARAPAT-DAPAT

Alamiin pa ang dagdag na tuntunin sa pagiging karapat-dapat sa CaMortgageRelief.org/whoiseligible.

| Mga Kailangan para maging Karapat-dapat | Kaluwagan sa Mortgage | Mga Buwis sa Ari-arian | Reverse Mortgage | Bahagyang Paghahabol/Pagpaliban ng Utang |
|---|---|---|---|---|
| Dapat humaharap sa pananalapaing paghihirap kaugnay ng pandemya matapos ang Enero 21, 2020 | X | X | X | X |
| Pinagsamang kita ng sambahayan ang nakatira ay 18 pataas ang edad ay o mababa sa 150% AMI (ng county) | X | X | X | X |
| Ang mga may-ari ng bahay dapat ay walang salapi o pinanghahawakang ari-ariang (maliban ang mga naiipon sa retirement account) na pantay o higit sa pondong kailangan +$20,000 | X | X | X | X |
| Ang di nababayarang pangunahing balanse ng pangunahing mortgage loan ng may-ari ng bahay sa panahon ng pinagmulan ay di dapat hihigit sa "conforming loan limit" (ma malalaman sa ilalim ng tadhana ng Housing and Economic Recovery Act of 2008) na umiiral sa panahon ng pinagmulan. | X | | X | X |
| Dapat na nakaligtaan ang di bababa sa dalawang bayarin nang Marso 1, 2023 at kasalukuyang nahuhuli | X | | | |
| Dapat na nakaligtaan ang di bababa sa isang bayarin bago Marso 1, 2023 at kasalukuyang nahuhuli | | X | | |
| Dapat ay pangunahing tinitirhan at nagmamay-ari ng isa lang na arian arain | X | X | X | X |
| Ang ari-arian ay maaaring may mga apat na unit sa lugar (Bahay, condo, pangmatagalang nakak abit na ginawang bahay, bahay na may mga ADU, duplex, four-plex) | X | X | X | X |
| Maramihang paggawad ng pondo/aplikasyon para sa kuwalipikadong aplikasyon, hanggang $80,000 in | X | X | X | X |
| Bawasan o tanggalin ang mga bahagyang paghahabol o napagpalibang utang (tinanggap noon o matapos ang Enero 2020) | | | | X |
| Ang mortgage/loan servicer ng may-ari ng bahay ay dapat kasali sa California Mortgage Relief Program | X | | X | X |

**MAG-APPLY NGAYON ONLINE SA**
**CaMortgageRelief.org**

**TUMAWAG PARA SA MGA KATANUNGAN**
**1-888-840-2594**
**LUNES-BIYERNES IKA 8 A.M. - IKA 6 P.M.**

Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan Act ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Program ay pinatatakbo ng CalHFA. Homeowner Relief

Abril 2023

CALIFORNIA MORTGAGE RELIEF

# MGA WEB BUTTON

Ang mga buttonsa ibaba may maaaring i-download ay gamiting link ng inyong website sa California Mortgage Relief Program website sa ilang mga wika.

Ang mga buton ay maaaring idagdag sa inyong website sa pamamagitang ng pag-download sa kasamang SVG zip file na natanggap sa Programa.

## MGA CODE NA MAY KULAY:

Mapusyaw na bughaw: 407EC9    Dalandan: F36C21    Madilim na bughaw: 002A55    Puti: FFFFFF

### INGLES




URL: https://camortgagerelief.org
**PNG Format:** Font: Montserrat, Semi Bold
**Font Size:** 21px

### ESPANOL




URL: https://camortgagerelief.org/es/
**PNG Format:** Font: Montserrat, Semi Bold
**Font Size:** 21px

### INTSIK




URL: https://camortgagerelief.org/zh/
**PNG Format:** Font: Montserrat, Semi Bold
**Font Size:** 21px

### KOREANO




URL: https://camortgagerelief.org/ko/
**PNG Format:** Font: Montserrat, Semi Bold
**Font Size:** 21px

### TAGALOG




URL: https://camortgagerelief.org/tl/
**PNG Format:** Font: Montserrat, Semi Bold
**Font Size:** 21px

### VIETNAMESE




URL: https://camortgagerelief.org/vi/
**PNG Format:** Font: Montserrat, Semi Bold
**Font Size:** 21px



Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan acy ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Fund ay pinatatakbo ng CalHFA Homeowner Relief Corporation.

CALIFORNIA MORTGAGE RELIEF

# MGA SOCIAL POSTS

Sa ibaba ay makikita ang mga social post at halimbawang kopya upang maging mas malinaw ang California Mortgage Relief Program.

Mangyaring i-post, ibahagi ay muling i-tweet.

@CAMortgageRelief

@CAMortgageHelp

@CAMortgageHelp

Mangyaring gamitin ang mga sumusunod na hashtags:

- #CaMortgageRelief
- #GetCaughtUp
- #SaveYourHome

Lahat ng mga social media post ay maaaring i-download sa aming website sa CaMortgageRelief.org/partner-resources/.



Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan acy ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Fund ay pinatatakbo ng CalHFA Homeowner Relief Corporation.

Abril 2023

# HALIMBAWANG SOCIAL MEDIA













**CAMORTGAGERELIEF.ORG** | **MAY MGA TANONG? TAWAGAN KAMI SA 1-888-840-2594**

Pinondohan sa pamamagitan ng American Rescue Plan acy ng Homeowner Assistance Fund ng 2021, ang California Mortgage Relief Fund ay pinatatakbo ng CalHFA Homeowner Relief Corporation.